| | | *Technology Integration* |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | **VITO, Ezra Klarish A.** | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 8<br>Ikalawang Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 4.1. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampulitikal)<br><br>4.3. Nahihinuha na may pananagutan ang pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampolitikal)<br><br>4.4. Naisasagawa ang isang gawaing angkop sa panlipunan at pampulitikal na papel ng pamilya | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakapagbibigay ng mga gawain ng pamilyang nagpapakita ng kanyang panlipunan at pampolitikal na papel<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakapagsisikap na lalong magampanan ang panlipunan at pampolitikal na papel ng kanilang pamilya<br>SAYKOMOTOR:<br>• Naisasagawa ang isang gawaing angkop sa panlipunan at pampulitikal na papel ng pamilya | |
| **PAKSA** | **ANG PAPEL NA PANLIPUNAN AT PAMPOLITIKAL NG PAMILYA** | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Responsibilidad at Pananagutang Panlipunan | |
| **MGA SANGGUNIAN** | Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 8: Modyul ng Mag-aaral<br>K to 12 Gabay Pangkurikulum, Edukasyon sa Pagpapakatao | |

| | | |
|---|---|---|
| | (2016) | |
| **MGA KAGAMITAN** | Laptop<br>Speaker<br>Lcd Projector<br>Marker and eraser | |
| **GAWAIN** | Panuto: Basahin ang sitwasyon na nasa kahon. Pagkatapos sagutin sa kuwaderno ang tanong sa ibaba ng kahon<br><br>Isang nakakaeskandalong billboard ad ng alak ang labis na tinutulan ng isang pampamilyang organisasyon. Nagpapakita kasi ito ng pang-aabuso sa mga kabataan, maling pananaw sa sekswalidad, at pagpapahalagang nakasisira sa integridad ng pamilya. Ang organisasyong ito ay sumulat sa pamahalaan, nagbayad ng anunsyo sa dyaryo tungkol sa kanilang pagtutol sa billboard ad na ito at hiniling nilang ipatanggal ito sa pambansang lansangan ng EDSA. Ang ingay na nilikha ng organisasyong ito ay nakatawag ng pansin ng mga nasa pamahalaan at ng iba pang mga organisasyon at pribadong grupo. Dahil sa mahigpit na pagbabantay ng organisasyong ito ay nabigyan ng aksyon ang kanilang hinaing at dahil na rin sa nakitang di magandang pagtanggap sa kanilang billboard ad ay kusang ipinatanggal ito maging sa mga lathalain ng mismong nagpagawa rin ng anunsyong ito. | Story Jumper |
| **PAGSUSURI** | 1. Ano ang masasabi mo sa maikling kwentong ito?<br>2. Ang pamilya mo ba ay mapagbantay rin?<br>3. May katulad ka bang karanasan kasama ang iyong pamilya kung isinusulong niyo ang nakakabuti sa pamilya at lipunan?<br>4. Sa iyong palagay, maganda ba at mahalaga ang ginagawa ng pamilya sa kwento?<br>5. Bilang kasapi ng isang pamilya, paano ka makakatulong upang maisulong rin ang mga ganitong gawain? | Toondoo |
| **PAGPAPALALIM** | **Ang Papel na Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya**<br><br>Ang Papel ng Pamilya sa Lipunan<br><br>Ang pangunahing kontribusyon ng pamilya sa lipunan ay ang karanasan sa pakikibahagi at pagbibigayan na dapat na bahagi ng buhay pamilya sa araw-araw.<br><br>Natutuhan mo sa Modyul 1 na ang ugnayan sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya ay dapat na pinangingibabawan ng batas ng malayang pagbibigay. Ang malayang pagbibigay na ito na ginagabayan ng paggalang at pangangalaga sa dignidad ng bawat isa ay naipakikita sa pamamagitan ng | Canva Graphic Organizer |

buong pusong pagtanggap, pag-uusap, pagiging palaging naroon para sa isa't isa, bukas-palad at paglilingkod ng bukal sa puso, at matibay na bigkis at pagkakaisa.

Kaya nga ang pagkakaroon ng tunay at ganap na pakikipagniig sa isa't isa ng mga kasapi ng pamilya ay ang pangunahin at hindi mapapalitang tagapagturo ng pamumuhay sa lipunan; at halimbawa at tagapagpalaganap ng mas malawak na pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Sa loob ng pamilya nagsisimula ang pagiging bukas palad at ang diwa ng bayanihan. Ngunit hindi sapat na panatilihin lamang ang mga ito sa loob ng pamilya. Kaya nga may pagkakataon na hindi nagiging positibo ang pagiging labis na makapamilya ng mga Pilipino. Imbes na makiisa sa lipunan ay pagkakawatak-watak at pagkakanikaniya ang nililikha nito. Ang labis na pagkiling sa pamilya ay maaaring mangahulugan ng paggamit ng posisyon at kapangyarihan para sa kapakanan ng pamilya. Nagiging sanhi rin ito ng political dynasties o ang pagpapanatili ng mga posisyon sa gobyerno at ng kapangyarihan sa pamumuno ng iisang pamilya lamang. Ang nangyayari ay taliwas sa papel na panlipunan ng pamilya.

Dapat na mauna ang pagmamahal sa kapwa bago ang debosyon sa pamilya. Ang pagiging labis na makapamilya ay katumbas din ng pagiging makasarili. "Dahil sa ugnayang dugo (blood relations) na namamagitan sa mga kasapi ng pamilya, maituturiing na parang sarili (another self) ang kapamilya. Kaya nga kung may pinintasan sa iyong kapamilya ay parang ikaw na rin ang napintasan." (Dy, 2012)

Sa loob ng pamilya dapat natututuhan ng tao na iwaksi ang pagiging makasarili at magsakripisyo alang-alang sa kapwa – alang-alang sa ikabubuti ng lahat. Dito niya natututuhan na ang pagkakawang-gawa ay katumbas ng pagmamahal; na ang paglilingkod sa kapwa ay kinakailangan upang maging kabilang sa kapatiran ng tao. Ang kapatirang ito ay mangyayari lamang kung mayroong pinag-ugatang pagkakapatiran sa pagitan ng mga tunay na magkakapatid sa loob ng pamilya.

Nakatutuwang isipin na sa murang edad ay iniligtas nina Virginia Rojo, anim na taong gulang, at James Baroro, pitong taong gulang, ang kanilang mga kapatid mula sa nasusunog nilang bahay sa mga lalawigan ng Negros at Cebu. Hindi nila inuna ang kanilang sarili. Si James ay paulit-ulit na bumalik sa nasusunog nilang bahay sa Lapu-Lapu City para sagipin ang tatlo niyang kapatid. Si Virginia naman bagamat nasunog ang bahagi ng mukha at katawan ay walang hinanakit o pag-aalinlangan sa kaniyang ginawa. Sa murang edad ay napakalawak ng kanilang pag-unawa sa halaga ng pagsasakripisyo para sa ikabubuti ng iba. Ganito sana ang

kapatirang mayroon sa bawat pamilya. Isipin mo na lang ang kapatirang mangingibabaw sa mundo!

Ang pagiging bukas palad ay maipakikita ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing panlipunan. Maaari itong makilahok sa mga samahan na boluntaryong naglilingkod sa pamayanan o kaya'y tumutulong sa mga kapus-palad. Higit sa lahat, dapat na tumulong ang pamilya sa mga nangangailangang hindi naaabot ng tulong ng pamahalaan. Isang halimbawa ang mga pamilyang nagbukas ng kanilang mga tahanan para sa mga naaapektuhan ng pagbaha at mga sakuna. Marami ang mga pamilyang ito na hindi nagdalawang-isip at buong pagtitiwalang pinatutuloy ang mga kapitbahay na kumakatok sa kanilang pinto at mga puso. Nakalulungkot lamang na mayroon ding mga nagbibingibingihan sa mga daing ng mga kapitbahay dahil sa kawalang-tiwala sa kapwa. Minsan kung sino pa ang higit na makapagbibigay sila pa ang nagsasara ng kanilang pinto. Nakatali sila sa materyalismo at higit na nagpapahalaga sa mga ari-arian kaysa sa kanilang kapwa-tao.

Ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan. May mga pamilyang naging tradisyon na kumukuha sila ng isang bata sa bahay-ampunan tuwing sasapit ang panahon ng kapaskuhan, upang pansamantalang tumira sa kanila. Namimigay din sila ng mga regalo sa mga batang nasa bahay-ampunan o sa mga batang-lansangan. May anak na sa halip na maghanda para sa kaniyang kaarawan ay hinihiling sa kaniyang mga magulang na ibahagi na lamang sa bahayampunan ang perang dapat gugulin sa kaniyang handa. Mayroon ding gustong idaos ang kaniyang kaarawan sa bahay-ampunan o sa piling ng mga batang lansangan.

Ang pagbabayanihan ay hindi na bago sa mga Pilipino. Isa ito sa ipinagmamalaki nating pagpapahalagang Pilipino. Naipakikita ang pagbabayanihang ito sa lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mga Pilipino. Sa isang kapitbahayan ay hindi na bago ang pagbibigayan ng ulam lalo't may okasyon, ang pagbibilin sa mga anak sa kapitbahay kung walang magbabantay ditong kapamilya, at ang pagpapahiram ng mga kagamitan sa bahay sa mga kapitbahay

Isa sa ipinagmamalaki nating katangiang Pilipino ang magiliw na pagtanggap lalo sa mga panauhin. Inihahain natin ang pinakamasarap na pagkain para sa kanila, ang pinakamainam na higaan ang ating pinatutulugan, at ang pinakamaganda nating gamit ay inilalabas lamang kapag may panauhin. Ngunit may mas malalim na antas ng pagtanggap ng mga panauhin. Ang mabuting pagtanggap na higit na kinakailangan nating ugaliin ay ang pagbubukas ng ating mga

pintuan sa mga nangangailangan. Magagawa kaya nating maghain ng masasarap na pagkain, patulugan ang pinakamainam nating higaan, at ipagamit ang pinakamaganda nating gamit sa mga palaboy sa lansangan?

Pangangalaga sa Kalikasan

Dapat isaalang-alang ang paggalang sa dignidad ng kapwa sa uri ng pamumuhay ng pamilya. Ang labis na kayamanan ay nakaeeskandalo kung ito ay walang pakundangang ipinangangalandakan sa harap ng mga taong minsan sa isang araw na lamang kumakain. Ang walang habas na pagaaksaya, pamumuhay sa labis na karangyaan at luho ay paglabag sa tuntunin ng moralidad. Kaya nga mahalaga ang pagtuturo at pagsasabuhay ng simpleng uri ng pamumuhay sa loob ng pamilya. Ayon nga kay Esteban (1989), ang pinakamalaking hadlang sa paglago ng tao at ng sangkatauhan ay ang labis na kahirapan ng isang bahagi ng lipunan at ang nakakaeskandalong karangyaan sa kabilang bahagi nito. Ang hindi pagkakapantay na ito ay isang paglabag sa katarungang panlipunan. Tungkulin ng pamilya na sikaping maging pantay ang turing sa lahat ng tao anuman ang kalagayan sa buhay.

Pantay-pantay ang tao sa mata ng Diyos. Nilikha ang mundo para sa lahat ng Kaniyang nilalang. Hindi maaaring angkinin ng iilan ang hangin, tubig, at lupa. Ang tao ay tagapamahala lamang at hindi lubos na nagmamay-ari ng lupa, hangin, tubig, at iba pang nilikha ng Diyos sa mundo. Kaya nga ang pagkakaroon ng legal na karapatan sa pagmamay-ari ng alinman sa mga elementong ito ay dapat na may kalakip na paalala na ang mga ito ay kaloob ng Diyos at hindi likha ng tao. Samakatuwid, ang mga nagmamay-ari o tagapamahala ng lupain ay nararapat na isaisip ang kabutihan ng lahat ng tao sa paggamit nito. Ang hangin at tubig sa ating himpapawid at mga karagatan ay hindi dapat na abusuhin ng ilang tao, o maging ng mga industriya o korporasyon na karaniwang pag-aari ng ilang mayayamang pamilya; bagkus dapat na gamitin para sa kabutihan ng lahat ng tao sa mundo. Kaya nga walang karapatan ang mga industriya na dumihan ang hangin ng maruming usok na galing sa kanilang mga pagawaan at dumihan ang mga ilog at dagat ng polusyong nakalalason sa tubig at pumapatay ng mga nabubuhay dito.

Tungkulin ng pamilya ang pangangalaga sa kalikasan bilang likas na tagapamahala ng lahat ng nilikha ng Diyos. Dahil sa tungkuling ito, nararapat na isulong ng pamilya ang mga proyektong nangangalaga sa kalikasan tulad ng Clean and Green Program na nagtataguyod ng mga proyektong tulad ng pagtatanim ng mga puno, paghihiwalay ng mga nabubulok at di nabubulok na basura, ang 3Rs (reduce, re-use, recycle), paglilinis ng mga kanal at daluyan ng tubig at marami pang iba.


| | | |
|---|---|---|
| | Ang Papel na Pampolitikal ng Pamilya<br><br>Ang papel na panlipunan ng pamilya ay dapat ding maipahayag sa pamamagitan ng pakikialam sa politika. Nararapat na manguna ang pamilya sa pagtiyak na ang mga batas at ang mga institusyong panlipunan ay hindi taliwas, sa halip ay nagsusulong at nangangalaga sa mga karapatan at tungkulin ng pamilya. Kalakip nito ay dapat na alam din ng pamilya ang mga natural at legal na karapatan nito. Dapat din na pangunahan nito ang pagpapanibago sa lipunan at hindi magpabaya sa kaniyang mga tungkulin.<br><br>Kung ang kabutihan ng pamilya ay napangangalagaan, naitataguyod, at nabibigyang-proteksyon sa lipunan, ang bawat isa ay magkakaroon ng pagkakataong lumaki at maging ganap na tao sa pinakamabuting kapaligiran - isang kapaligirang nakatutulong sa paghubog ng mga birtud na dapat taglayin ng isang mapanagutang mamamayan sa lipunan. Ang kapaligirang ito ay may lugar para sa kaniyang sarili na nagpapatatag ng kaniyang kakayahang tumayo sa sariling paa at ng kaniyang pagiging mapanagutan. May pagmamahalan dito na nagpapatingkad ng kaniyang pakikibahagi sa lipunan at pakikipagkapwa. Ang pagiging epektibo ng iba pang mga institusyon sa lipunan ay nakasalalay sa kabutihan ng pamilya.<br><br>Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon. Ang pagsasabatas ng diborsyo, pagpapalaglag o aborsyon, at materyalismo ay ilan lamang sa mga sumisira sa pangunahing institusyon ng lipunan. Kung tuluyan nang masisira ang pamilya, mawawala na rin ang tunay na kanlungan ng moralidad! | |
| **PAGLALAPAT** | Ngayong alam mo nang mahalaga na mabantayan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya, hindi ba't natural lamang na pumili tayo ng mga mamumuno sa pamahalaan na magsusulong at mangangalaga sa mga karapatang ito ng pamilya?<br><br>Sa tulong ng iyong pamilya, suriin ang profile ng ilang nakaupong opisyal ng lokal na pamahalaan sa inyong lugar. Markahan ang mga ito ayon sa kanilang mga naging plataporma, proyekto at mga ipinahayag na prinsipyo tungkol sa ilang mahahalagang isyung nakaapekto sa integridad ng pamilya tulad ng pabahay, kasal, diborsyo, aborsyon, at iba pa. Gamiting gabay ang tseklis na ito:<br><br>Panuto: Lagyan ng tsek ( )sa hanay ng "plataporma" kung | Zoho<br>Penzu |


nabanggit sa kaniyang plataporma na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya. Lagyan ng tsek (✓)sa hanay ng programa kung mayroon siyang programa na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya; lagyan ng tsek (✓)sa hanay ng prinsipyo kung nagpapahayag ito ng prinsipyo na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya tungkol sa isyu o mga isyung pinagtatalunan sa kongreso o senado sa kasalukuyan. Dapat na makakuha ng 21 na tsek (✓) upang makapasa sa tseklis.

Halimbawa:
Pangalan at Posisyon ng Opisyal: Hon. Dustin Angkop – City Mayor
Iskor: 11

| Mga Karapatan at Tungkulin ng Pamilya / Isyu | Plataporma | Proyekto | Prinsipyo |
|---|---|---|---|
| Halimbawa:<br>a. Ang karapatang mapangalagaan ang mga kabataan, sa pamamagitan ng mga institusyon at batas, laban sa mapanirang droga, pornograpiya, alkoholismo, at iba pa | ✓ | ✓ | ✓ |
| b. Ang karapatang umiral at magpatuloy bilang pamilya; o ang karapatan ng lahat ng tao, mayaman man o mahirap, na magtatag ng pamilya at magkaroon ng sapat na panustos sa mga pangangailangan nito | ✓ | ✓ | ✓ |
| c. Ang karapatang isakatuparan ang kaniyang pananagutan sa pagpapalaganap ng buhay at pagtuturo sa mga anak | ✓ | | ✓ |
| d. Ang karapatan sa pagiging pribado ng buhay mag-asawa at buhay pamilya | | | |
| e. Ang karapatan sa pagkakaroon ng katatagan ng bigkis at ng institusyon ng kasal | | ✓ | |
| f. At iba pa | ✓ | | ✓ |

Sagutin sa iyong journal.
1. Batay sa iyong mga naging pagsusuri, sino-sino ang nakapasa sa iyong tseklis? Sino-sino naman ang mga hindi nakapasa?

<table>
<tr>
<td></td>
<td>2. Sa iyong palagay, dapat pa bang ihalal muli ang mga lokal na opisyal na hindi nakapasa? Bakit?</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>PAGSUSULIT</td>
<td>
Pagsusulit na may Pagpipilian:<br>
Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>
1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagbabantay sa karapatan ng pamilya?<br>

<br>
2. Anong karapatan ng pamilya ang itinataguyod ng naging sagot mo sa unang bilang?<br>
a. Ang karapatan sa kapaki-pakinabang na paglilibang, iyong nakatutulong sa pagpapatatag ng mga pagpapahalagang pampamilya.<br>
b. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya.<br>
c. Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito.<br>
d. Ang karapatan, lalo na ng mga may sakit, na magtamo ng pisikal, panlipunan, pampolitikal, at pang-ekonomiyang seguridad;<br>
3. Bakit mahalaga ang kaalaman ng pamilya sa mga karapatan at tungkulin nito?<br>
a. Maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon.<br>
b. Hindi maisusulong at maproprotektahan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya kung hindi nito alam kung ano-ano ang karapatan at tungkulin nito.<br>
c. Bahagi ang mga ito ng papel na pampolitikal ng pamilya.<br>
d. Maraming pamilya na karapatan lamang ang ipinaglalaban ngunit hindi ginagampanan ang tungkulin.<br>
4. Ano ang implikasyon ng pangungusap?<br>
“Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon.”
</td>
<td>Polldaddy</td>
</tr>
</table>


| | | |
|---|---|---|
| | a. Ang pamilyang Pilipino sa ngayon ay hindi mapagbantay sa mga karapatan at tungkulin nito.<br>b. Kung ang kabutihan ng pamilya ay napangangalagaan, naitataguyod at nabibigyang proteksyon sa lipunan, ang bawat isa ay magkakaroon ng pagkakataong lumaki at maging ganap na tao sa pinakamabuting kapaligiran.<br>c. Ang mga pagbabago sa daigdig ngayon ang unti-unting sumisira sa pamilya; hindi kailangang sumabay sa mga pagbabagong ito ang pamilya.<br>d. Ang pamilya mismo ang nararapat na gumawa nito dahil napapabayaan na ng pamahalaan ang pangangalaga sa mga karapatan nito.<br>5. Suriin ang mga larawan. Iayos ang mga ito ayon sa maaaring maging pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.<br><br>a. CBAD<br>c. DACB<br>b. BCAD<br>d. DABC | |
| **TAKDANG ARALIN** | Panuto: Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ano-anong mga gawaing nagpapakita ng pagganap sa mga papel na panlipunan at pampolitikal ang maaaring gawin ng iyong pamilya kaugnay ng mga nasa larawan? Magtala ng isang gawaing nagpapakita ng papel na panlipunan at isang nagpapakita ng politikal na papel ng pamilya. Sundan ang halimbawa sa ibaba.<br><br>a. Papel Panlipunan<br>Pansamantala naming patutuluyin sa aming bahay ang mga kapitbahay naming naapektuhan ng pagbaha. | Google Form |

b. Papel Pampolitikal
Susulat kami sa aming Kongresista o Kinatawan na magsagawa ng proyekto na maglilinis at magpapahukay ng sapa sa aming barangay upang hindi na ito maging sanhi ng pagbaha.



a. Papel Panlipunan

b. Papel Pampolitikal



a. Papel Panlipunan

b. Papel Pampolitikal